Ang PANDESAL 2004

Setyembre 1
Miyerkules

Ika-22 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 1 Cor 3:1-9
Tinapay ng Buhay: Lc 4:38-44

Pag-alis ni Jesus sa sinagoga, nagpunta siya sa bahay ni Simon. Inaapoy ng lagnat ang biyenang babae ni Simon. Kayat pinakiusapan nila si Jesus tungkol sa kanya. Pagkayuko ni Jesus sa kanya, inutusan ni Jesus ang lagnat at nilisan siya nito. Kaagad siyang tumindig para maglingkod sa kanila.

Paglubog ng araw, dinala naman kay Jesus ng lahat ng tao ang kasama nilang mga may sakit ng iba't ibang karamdaman. Ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa bawat isa sa kanila at pinagaling sila. Lumabas ang mga demonyo mula sa maraming tao at pasigaw na sinabi ng mga ito: "Ikaw ang Anak ng Diyos!" Ngunit pinatatahimik niya sila at di pinahihintulutang magsalita dahil alam ng mga ito na siya ang Mesiyas.

Nang mag-uumaga na, lumabas si Jesus at pumunta sa isang ilang na lugar. Ngunit pinaghahanap siya ng maraming tao, at nang matagpuan siya'y sinikap nilang hadlangan na makaalis pa siya sa kanila. Pero sinabi niya sa kanila: "Dapat ko ring ipahayag ang mabuting balita ng paghahari ng Diyos sa iba pang mga bayan; ito ang dahilan kung bakit ako isinugo." At nag-patuloy siyang mangaral sa mga sinagoga ng Judea.

Pagninilay

May ilang taon na rin akong naglilingkod sa Diyos at sa kapwa. Kadalasa'y pagod. Kapag nararamdaman ko'y parang sasabog na ako, lumalayo ako, naghahanap ng katahimikan at kaunting pahinga, kagaya ni Jesus na pumunta sa ilang na lugar. Nakakalimutan ko na si Jesus ay patuloy na nangaral sa iba't ibang lugar, kahit na siya'y pagod. Kapag ipinapaalala sa akin iyan, nawawala ang aking pagod, sumisigla ang aking espiritu at pumipintig ang aking puso—tuloy ang paglilingkod! Noon nakaraang Linggo lang puno ang araw ko.

Laking pasalamat ko nang natapos ang araw na iyon, pagod na pagod.

September 2
Huwebes

Ika-22 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 1 Cor 3:18-23
Tinapay ng Buhay: Lc 5:1-11

Minsan, dinagsa si Jesus ng napakaraming taong nakikinig sa salita ng Diyos at nakatayo naman siya sa baybayin ng Lawa ng Genesaret. Nakita niya noon ang dalawang bangka sa baybay. Kabababa pa lamang ng mga mangingisda mula sa mga ito para hugasan ang mga lambat. Kaya sumakay siya sa isa rito na pag-aari ni Simon at hiniling dito na lumayo nang kaunti mula sa dalampasigan. Umupo siya at mula sa bangka'y sinimulang turuan ang maraming tao.

Matapos siyang magsalita, sinabi niya kay Simon: "Pumalaot ka at ihulog ninyo ang inyong mga lambat para humuli." Ngunit sumagot si Simon: "Guro, buong magdamag kaming nagpagod at wala kaming nakuha pero dahil sinabi mo, ihuhulog ko ang mga lambat." At nang gawin nila ito, naka-huli sila ng napakaraming isda kaya halos magkandasira ang kanilang mga lambat. Kaya kinawayan nila ang kanilang mga kasamahang nasa kabilang bangka para lumapit at tulungan sila. Dumating nga ang mga ito at pinuno nila ang dalawang bangka hanggang halos lumubog ang mga iyon.

Nang makita ito ni Simon Pedro, nagpatirapa siya sa harap ni Jesus at sinabi: "Lumayo ka sa akin, Panginoon, sapagkat taong makasalanan lamang ako." Talaga ngang nasindak siya at ang lahat niyang kasama dahil sa huli ng mga isda na nakuha nila. Gayundin naman ang mga anak ni Zebedeo na sina Jaime at Juan na mga kasama ni Simon.

Ngunit sinabi ni Jesus kay Simon: "Huwag kang matakot; mula ngayo'y mga tao ang huhulihin mo." Kayat nang madala na nila ang mga bangka sa lupa, iniwan nila ang lahat at sumunod sa kanya.

Pagninilay

Ilang ulit ko nang naranasan ang magbigay ng isang sesyon ng paghuhubog at iilan lang ang dumadalo. Napapansin ko rin kapag kilala ang tagapagsalita sa isang panayam marami ang dumarating. Pagod na pagod na sina Simon sa magdamag na pangingisda ngunit wala silang nahuli. Subalit sa isang salita ni Jesus ay muli inihulog ni Pedro ang mga lambat at… halos masira ang mga ito sa napakaraming nakuha. Ang sekreto ng "paghuhuli"—isda man iyan o mga tao ay si Jesucristo. Nang natuklasan ko na ang mas mahalaga ay yaong mga taong pumupunta at dumadalo sa aming mga paanyaya ang siyang pinadala ni Jesus, huminahon ang aking puso. Sino ba

naman ako, kung ihahambing kay Jesus? Pasalamat nga ako na may tumutugon sa paanyaya namin…

Setyembre 3
Biyernes

Ika-22 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 1 Cor 4:1-5
Tinapay ng Buhay: Lc 5:33-39

Sinabi ng mga Pariseo kay Jesus: “Madalas mag-ayuno at may mga panalangin ang mga alagad ni Juan, at gayon din naman ang mga alagad ng mga Pariseo; kumakain naman at umiinom ang mga iyo.” Kaya sinabi sa kanila ni Jesus: “Hindi ninyo mapag-aayuno ang mga abay sa kasalan habang kasama pa nila ang nobyo, di ba? Ngunit darating ang panahon na aagawin sa kanila ang nobyo at sa araw na iyon sila mag-aayuno.”

Sinabi pa ni Jesus sa kanila ang isang talinhaga: “Walang pumuputol ng panagpi mula sa bagong damit at itinatagpi sa lumang damit. Kung hindi’y napupunit na ang bago at hindi pa magiging bagay sa lumang damit ang tagping mula sa bago. At wala ring naglalagay ng bagong alak sa mga lumang sisidlan. Kung hindi’y sisirain ng bagong alak ang mga lumang sisidlan kaya matatapon ang alak at masisira pati mga sisidlan. Sa halip ay sa mga bagong sisidlan dapat ilagay ang bagong alak. Hindi naman humihingi ng bagong alak ang umiinom ng luma, sinasabi nga niya: ‘Ang luma ang siyang mabuti’.”

Pagninilay

Marami pa sa ating mga Katoliko ang hindi alam kung gaano kahalaga ang mga pagbabago sa buhay Katoliko ang ginawa ng Pangalawang Konsilyo Batikano. Palaging may mga tanong kagaya ng: “Maari na bang babae ang magturo ng teolohiya, ng Biblia?” “Saan ka nag-aral ng teolohiya, Katoliko ba yung paaralan na iyan?” Sa kabilang banda naman may nagpapabusog ng puso—tinatanong kung maaari din silang mag-aral ng Biblia, o iba pang mga pinag-aralan ko, lalo na yung hinggil sa moralidad. Ngayon, tanggap na rin ako, isang laykong babae na may kaunting kaalaman tungkol sa mga bagay-bagay na noong araw ay pari lang ang maaaring makasagot. Ang lumang sisidlan ng makikitid na isip ay nagiging mga bagong sisidlan ng maluwang at bukas na kaisipan.

Setyembre 4
Sabado

Ika-22 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 1 Cor 4:9-15
Tinapay ng Buhay: Lc 6:1-5

Isang Araw ng Pahinga, naglalakad si Jesus sa bukirin ng trigo. Nangyari na hinimay ng kanyang mga alagad ang mga butil sa pagkiskis sa kanilang mga kamay, at kinain ang mga ito. Sinabi ng ilang Pariseo: “Bakit ninyo ginagawa ang ipinagbabawal sa Araw ng Pahinga?” Ngunit nagsalita si Jesus at sinabi niya sa kanila: “Hindi ba ninyo nabasa ang ginawa ni David nang magutom siya at ang kanyang mga kasama? Pumasok siya sa Bahay ng Diyos, kinuha ang tinapay na inihain para sa Diyos, kinain ito at binigyan pa ang kanyang mga kasamahan, gayong bawal itong kainin ninuman liban sa mga pari.” At sinabi pa niya sa kanila: “Panginoon ng Araw ng Pahinga ang Anak ng Tao.”

Pagninilay

Paminsan-minsan tinatanong ko sa aking sarili kung bakit wala nga akong araw ng pahinga? Maraming beses na nagtatampo ang aking pamilya (maigi nga wala akong sariling pamilya—asawa’t mga anak!) na wala ako sa mga salu-salo na ginaganap kapag Linggo. Noong ako’y maliit pa, ang Linggo ay tinakdang araw ng pahinga. Wala kaming ginagawa maliban sa magsimba, maglaro, kumain at magsiyesta. Unti-unting nawala; ngayon, gawaing simbahan naman ang inaasikaso. Napag-isipan ko rin na ang araw ng pahinga ay hindi lang pisikal kundi ang mas mahalaga, kung sa lahat ng gawaing ito, namumuno ba ang Diyos? Para ba sa kanya ang ginagawa ko? Matapat ba ako sa gawaing ipinagkaloob sa akin ng Diyos?

Setyembre 5
Linggo

Ika-23 Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: Kar 9:13-18

Sino nga ang makakaalam ng kalooban ng Diyos? Sino ang makatatarok sa kagustuhan ng Panginoon?

Sapagkat kapos ang kaisipan ng tao, mali ang aming mga panukala; pasanin ng kaluluwa ang nabubulok na katawan at pabigat sa isip na maraming pinagkakaabalahan.

Halos wala tayong nalalaman sa mga panlupang bagay at mahirap unawain ang abot-kamay lamang. Sino, kung gayon, ang makakabatid ng mga nasa langit?

Sino ang makakaalam ng iyong kalooban maliban kung bibigyan mo siya ng Karunungan at ipadadala ang iyong banal na espiritu sa kanya? Sa ganitong paraan itinutuwid mo ang landas ng mga tao; natututuhan nila ang kasiya-siya sa iyo at naililigtas sila ng Karunungan.

Ikalawang Pagbasa: Flm 9-10, 12-17

Magsusumamo pa rin ako sa iyo alang-alang sa pagmamahal. Oo, si Pablo, na matandang tao, at ngayo'y isa ring bilanggo para kay Kristo Jesus ang nagsusumamo sa iyo para sa aking anak, na naging akin sa pagkabilanggo ko, si Onesimo.

Pinababalik ko siya sa iyo, siya na bahagi ng aking puso. Napag-isipan kong panatilihin siyang kasama ko, upang maglingkod sa akin sa ngalan mo habang nakabilanggo ako alang-alang sa ebanghelyo. Subalit hindi ko gustong gumawa ng anumang hakbang nang wala kang pasya: huwag sanang maging sapilitan ang ipagkakaloob mo sa akin, kundi bukal sa iyong kalooban.

Marahil nga'y ito ang dahilan kung bakit siya pansamantalang nawalay sa iyo, upang tanggapin mo siya nang pirmihan. Hindi na bilang alipin kundi higit pa sa alipin, isang mahal na kapatid, lalo na para sa akin at lalong higit pa para sa iyo, maging sa laman o sa Panginoon. Kung kasama mo nga ako, tanggapin mo siya bilang ako.

Tinapay ng Buhay: Lc 14:25-33

Habang naglalakad ang napakaraming tao na kasama ni Jesus, humarap siya sa kanila at sinabi: "Kung may dumating sa akin na di nagtatakwil sa pag-ibig sa kanyang ama at ina, at asawa at mga anak, at mga kapatid na lalaki at babae, at maging sa kanyang sarili, hindi siya puwedeng maging alagad ko. At hindi puwedeng maging alagad ko ang di nagpapasan ng kanyang krus sa pagsunod sa akin.

At paano kung may magbalak magtayo ng silungan ng bantay sa bukid? Di ba't uupo muna siya at tatantyahin ang gastos para malaman kung may sapat siya para maipatapos iyon? Sapagkat kung mailagay niya ang

pundasyon at hindi naman niya iyon maipatapos, pagtatawanan lamang siya ng lahat: ‘Hayan ang nagsimulang magtayo at hindi na maipatapos.’

At paano kung may haring makikipagharap sa ibang hari? Di ba’t uupo muna siya para mag-isip kung kaya niya at ng sampung libong kasama niya na harapin ang dumarating na may dalawampung libo? At kung hindi naman, malayo pa ang isa ay magpapadala na siya ng mga sugo para maki-pag-areglo. Gayon din sa inyo. Hindi puwedeng maging alagad ko ang di tumatalikod sa lahat ng kanya.

Pagninilay

Bata pa ako nang mithiin ko na maglingkod sa Diyos bilang misyonera. Tinanong ko ang sarili ko kung bakit naman umalis ang mga madreng Amerikana na nagturo sa akin sa sarili nilang bansang Amerika at pumunta dito. Nakapasok nga ako sa unang hakbang ng prosesong magiging misyonera. Dumating ang Martial Law; nawala ang balak na iyon at naging musikera ako. Apat na beses rin akong nakalabas ng bansa, ngunit sa huli, umalis ako sa koro, bumalik dito at tinanong ang Diyos kung ganyan lang ba ang magiging buhay ko. Naisip ko ulit na maging madre. Tinanggap naman ako ngunit—nagkasakit ako, malubha. Nagalit ako sa Diyos; akala ko’y wala Siya o hindi nakikinig! Pero… nakapagtataka! Nandoon pa rin ang hangarin maglingkod. Sa kagandahang-loob ng Diyos, naglilingkod nga ako ngunit sa ibang paraan—sa sarili kong bansa, sa aking pamayanan, kasama ang aking mahal na pamilya.

Setyembre 6
Lunes

Ika-23 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 1 Cor 5:1-8
Tinapay ng Buhay: Lc 6:6-11

Sa iba namang Araw ng Pahinga, pumasok siya sa sinagoga at nagturo. May isang lalaki na hindi maigalaw ang kanang kamay. Pinagmamasdan siya ng mga guro ng Batas at mga Pariseo, at baka pagalingin ito ni Jesus sa Araw ng Pahinga at nang maisakdal nila siya.

Ngunit alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya sinabi niya sa lalaking hindi maigalaw ang kamay: “Tumindig ka’t tumayo sa gitna.” Tumindig nga

ito at tumayo roon. Sinabi ni Jesus sa kanila: “Matanong ko nga kayo: ano ang ipinahihintulot sa Araw ng Pahinga, gumawa ng mabuti o gumawa ng masama, magligtas ng buhay o pumatay?” Tiningnan niya silang lahat sa paligid at sinabi sa tao: “Iunat mo ang iyong kamay.” Ginawa niya ito at gumaling ang kanyang kamay. Galit na galit naman sila at magkakasamang nag-usap-usap kung ano ang magagawa nila kay Jesus.

Pagninilay

Tinanong ko ang sarili ko kung mayroon din tayong ganoong ugaling Katoliko—kung hindi man sa araw ng pahinga, sa ibang bagay na kung saan inuuna natin ang batas kaysa sa tao. Ito’y kuwento ng isang nanay na galit na galit. Katatanggap lang ng anak niyang babae ang Komunyon at bumalik sa upuan. Bigla ba naman daw hinila ng isang nakakatandang babae at pinilit na lumuhod, sabay ang sabi ng “Pagkatapos mong mag-Komunyon ay dapat magpasalamat ka sa Diyos, paluhod!!!” Tama nga naman at kailangan magpasalamat sa Panginoon pagkatapos makibahagi sa Komunyon ngunit wala sa postura ang pagpapasalamat; nasa puso yon. At wala naman sa lugar ang di-kilalang nakakatandang babae para pilitin yung bata.

Setyembre 7
Martes

Ika-23 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 1 Cor 6:1-11
Tinapay ng Buhay: Lc 6:12-19

Nang panahong iyon, umakyat si Jesus sa bundok para manalangin at magpalipas ng magdamag sa pagdarasal sa Diyos. Nang nag-umaga na, tinawag niya ang kanyang mga alagad at pumili siya ng labindalawa sa kanila na tinawag niyang apostol: si Simon na pinangalanan niyang Pedro, si Andres na kapatid nito; si Jaime, si Juan, si Felipe, si Bartolome, si Mateo, si Tomas, si Jaimeng anak ni Alfeo, si Simon na tinataguriang Zelota, si Judas na kamag-anak ni Jaime, at si Judas Iskariote na naging tagapagkanulo.

Pagkababa kasama nila, tumigil si Jesus sa isang patag na lugar. Naroon ang maraming alagad niya, at napakarami ring tao mula sa buong Judea at Jerusalem at mula sa baybaying dako ng Tiro at Sidon ang dumating para makinig sa kanya at mapagaling sa kanilang mga karamdaman. Gumaling din ang mga pinahihirapan ng masasamang espiritu. Kayat sinikap ng lahat

ng tao na mahipo siya dahil may kapangyarihang lumalabas sa kanya, na nagpapagaling sa lahat.

Pagninilay

Nagkaroon ako ng tinatawag na “kalungkutan” matapos ang 9/11 sa Estados Unidos. Madali akong magsungit, nagagalit, pagkatapos, tatahimik at walang kibo na lang. Binili ko sa Claretian Bookstore ang libro na may bahaging panalangin sa paghihilom. Bawat araw, “*mantra*” para mag-umpisa sa dalangin. Isang umaga na halos maluha na ako, sadyang hiniling ko na ang tulong ni Jesus. Para bang apoy na unti-unting nagpapainit ng malamig na kaluluwa ang sagot ni Jesus. Sa isang karamdamang sikolohikal ako’y hinilom ni Jesus. Matagal-tagal bago nawala ang “kalungkutan” ko pero sa paglapit kay Jesus sa pamamagitan ng mataimtim na dasal na ginabayan ng isang libro, naranasan ko ang pagpapagaling niya; hinipo ako ng kapangyarihang lumalabas sa kanya…

Setyembre 8
Miyerkules

Kapanganakan ni Maria
Unang Pagbasa: Mic 5:1-4 or Rom 8:28-30
Tinapay ng Buhay: Mt 1:1-18-23

Ganito ipinanganak si Jesucristo. Ipinagkasundo na kay Jose ang kanyang inang si Maria pero bago sila nagsama bilang mag-asawa, nagdadalantao na siya gawa ng Espiritu Santo.

Kaya binalak ni Jose na hiwalayan nang lihim ang kanyang asawa. Matuwid nga siya at ayaw niya itong mapahiya.

Habang iniisip-isip niya ito, napakita sa kanya sa panaginip ang Anghel ng Panginoon at sinabi: “Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tanggapin si Maria bilang iyong asawa. Gawa ng Espiritu Santo kaya siya naglihi, at manganganak siya ng isang sanggol na lalaki, na pangangalanan mong Jesus sapagkat siya ang magliligtas sa kanyang sambayanan mula sa kanilang mga kasalanan.”

Nangyari ang lahat ng ito para matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng Propeta: “Maglilihi ang birhen at magsisilang ng isang sanggol na lalaki at tatawagin nila siyang Emmanuel na ibig sabihi’y Nasa-atin-ang-Diyos.”

Pagninilay

Mahalaga ang *"family tree"* sapagkat nakikita natin kung sinu-sino ang kanununununuan natin. May bago akong hipag; para sa imbitasyon niya sa kasal sa bunsong kapatid kong lalaki, ang ipinagawa niya ay isang *"family tree."* Nakakatuwa! Ngayon naman nababasa natin kung sinu-sino ang mga ninuno ni Jesus. Makikita natin na halos pangalang lalaki ang nakasulat maliban sa limang babae, ang isa sa kanila'y walang pangalan. Mula sa unang-una, sila'y sina Tamar, Rahab, Ruth, ang naging maybahay ni Urias, at si Maria. Si Tamar ay ang babae na tumulong sa mga Judio; si Rahab ay isang babaeng mababang-lipad; si Ruth ay taga-Moab; ang ina ni Solomon ay inagaw ni David kay Urias, at si Maria ay nagdadalantao na nang sila'y ikinasal ni Jose.

Setyembre 9
Huwebes

Ika-23 Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: 1 Cor 8:1-7, 11-13
Tinapay ng Buhay: Lc 6:27-38

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, "Ngunit sinasabi ko sa inyong mga nakikinig: mahalin ninyo ang inyong mga kaaway, gawan ninyo ng mabuti ang mga napopoot sa inyo, pagpalain ninyo ang mga sumusumpa sa inyo, ipagdasal ninyo ang tumatrato sa inyo nang masama. Sa sumasampal sa iyo sa isang pisngi, iharap mo rin ang kabila. Sa umaagaw ng iyong kamiseta, huwag mong itanggi ang iyong sando. Magbigay ka sa sinumang humihingi sa iyo; at kung may kumuha ng iyong ari-arian, huwag mo nang hingin pa uli.

"Kaya gawin ninyo sa iba ang gusto ninyong gawin nila sa inyo.

"Kung minamahal ninyo ang mga umiibig sa inyo, ano ang kahanga-hanga roon? Minamahal din ng mga makasalanan ang mga nagmamahal sa kanila. Kung ginagawa ninyo ang mabuti sa mga gumagawa nito sa inyo, ano ang kahanga-hanga roon? Iyon din ang ginagawa ng mga makasalanan. Kung nagpapautang kayo sa mga inaasahan ninyong makapagbabayad, ano ang kahanga-hanga roon? Nagpapautang din ang mga makasalanan sa mga makasalanan para matanggap ang katumbas.

"Sa halip ay mahalin ninyo ang inyong mga kaaway; gumawa kayo ng mabuti at magpautang na walang inaasahang anuman. Kaya gagantimpalaan kayo nang malaki at magiging mga anak ng Kataas-taasan dahil butihin siya

sa mga walang-utang-na-loob at masasama. Maging maawain kayo gaya ng inyong Amang maawain.

Huwag kayong humatol, at hindi kayo hahatulan; huwag ninyong sumpain ang sinuman, at hindi kayo susumpain; magpatawad kayo, at kayo'y patatawarin. Magbigay kayo, at kayo'y bibigyan – isang saganang takal, siksik, liglig at umaapaw ang mabubuhos sa inyong kandungan. Sapagkat susukatin kayo sa sukatang ginagamit ninyo."

Pagninilay

Matagal ko na siyang kaibigan kaya lang sa ibang bansa siya nakatira. Nagsusulatan kami. Ngunit sa pagkakataong di kanais-nais nasira ang pagkakaibigan namin. Malaki ang naging kasalanan ko sa kanya; ngunit higit na masakit ang ginawa niya sa akin. Nang ako'y bumalik sa Pilipinas, sadyang kinalimutan namin ang isa't isa. Walang mga sulat. Pero mabigat ang loob ko; di ko makalimutan ang dating mahusay na pagsasama. Hanggang sa isang Pasko, pagkalipas ng limang taon, nagpadala ako ng Christmas card. Hindi siya sumagot ngunit nalaman ko na tuwang-tuwa siya sa pagtanggap ng card. At doon ko naranasan na ako'y pinatawad. Ang mas mahalaga, naramdaman ko na pinatawad ko ang aking sarili.

Setyembre 10
Biyernes

Ika-23 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 1 Cor 9:16-19, 22-27
Tinapay ng Buhay: Lc 6:39-42

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad ang isang talinhaga: "Puwede nga kayang akayin ng isang bulag ang isa pang bulag? Di ba't kapwa sila mahuhulog sa kanal? Hindi higit sa kanyang guro ang alagad. Magiging katulad ng kanyang guro ang ganap na alagad.

Bakit mo tinitingnan ang puwing sa mata ng iyong kapatid? At di mo pansin ang troso sa iyong mata. Paano mo masasabi sa iyong kapatid: 'Kapatid, pahintulutan mong alisin ko ang puwing sa mata mo,' gayong hindi mo nga makita ang troso sa mata mo? Mapagkunwari! Alisin mo muna ang troso sa mata mo, at saka ka makakakitang mabuti para alisin ang puwing sa mata ng kapatid mo."

Pagninilay

Galit na galit ako sa kanya. Reklamadora primera uno! Wala nang ibang ginawa kundi mamintas sa kapwa. Nagtataka nga ako sa kanya… maganda, may kaya, may pinag-aralan naman. Ang Ebanghelyo ngayon ang palagi kong naaalala tuwing nariringgan ko siya ng reklamo. Minsan, lumapit ako sa isang pari at sinabi ko ang ngitngit at galit na dinadala ko. “Baka naman para sa iyo ang Ebanghelyong yon?” anya. Natigilan ako. Oo nga. Sa pagngitngit, inis at galit ko, mukhang ako nga ang hindi nakakita ng troso sa mata ko. Unti-unting nagbago ang pananaw ko sa kanya at sa akin. Nabawasan ang inis, hanggang nasabi ko ang naging hinanakit ko sa kanya. Humingi ako ng patawad at humingi rin siya ng patawad sa akin!

Setyembre 11
Sabado

Ika-23 Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: 1 Cor 10:14-22
Tinapay ng Buhay: Lc 6:43-49

Sinabi ni Jesus sa mga tao, “Hindi makapamumunga ng masama ang mabuting puno, at ang masamang puno nama’y hindi makapamumunga ng mabuti. Nakikilala ang bawat puno sa bunga nito. Hindi makapipitas ng igos mula sa tinikan ni makaaani ng ubas mula sa dawagan. Naglalabas ang taong mabuti ng mabuting bagay mula sa yaman ng kabutihan sa kanyang puso; ang masama nama’y naglalabas ng masamang bagay mula sa kanyang kasamaan. At sinasabi nga ng bibig ang umaapaw mula sa puso.

Bakit pa ninyo ako tinatawag na ‘Panginoon, Panginoon,’ gayong hindi naman ninyo tinutupad ang sinasabi ko?

Ilalarawan ko sa inyo ang lumalapit sa akin at nakikinig sa aking mga salita at tumutupad nito. May isang taong nagtatayo ng bahay, na humukay nang malalim at sa batuhan inilagay ang mga pundasyon. Pagdating ng baha, hinampas ng agos ang bahay na iyon pero wala itong lakas para yanigin iyon sapagkat mabuti ang pagkakatatag niyon.

At kung may nakaririnig ngunit di naman nagsasagawa, matutulad siya sa nagtatayo ng bahay sa ibabaw ng lupa na wala namang pundasyon. Hinampas ito ng agos at kaagad bumagsak. Anong laki ng pagkawasak ng bahay na iyon!”

Pagninilay

Dalawang taon na ang nakalipas nang mangyari ang isang nakagigimbal na pagpapasabog sa gusali ng *Twin Towers* sa *New York.* Maraming pananaw ang lumabas noon. Ngunit para sa akin, tinanong ko kung ano ba talaga ang pundasyon ng buhay ng mga taga- Amerika? Ganoon pa rin ang tanong ko hanggang ngayon kahit na inaway na ng Amerika ang Afghanistan at Iraq. Hindi ibig sabihin nito na sang-ayon ako sa terorismo—hindi! Pero tinatanong ko pa rin, bilang Pilipinong Kristiyano: anong pundasyon ang buhay ng ating lipunan? Ito ba'y nakasalalay sa mga katangiang Kristiyano o sa pang-kapitalistang pananaw na kung saan ang kita ng kalakalan ang siyang nangingibabaw?

Setyembre 12
Linggo

Ika-23 Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: Ex 32:7-11, 13-14

Kaya sinabi ni Yawe kay Moises: "Bumaba ka sapagkat nagpakasama ang iyong bayan na inilabas mo mula sa lupain ng Ehipto. Kaydali nilang lumihis mula sa daang iniutos ko sa kanila. Gumawa sila ng guyang metal para sa kanilang sarili, yumuko sa harap nito at nag-alay ng mga handog, at sinabing: Ito ang iyong mga diyos, Israel, na naglabas sa iyo mula sa lupain ng Ehipto."

At sinabi ni Yawe kay Moises: "Nakikita kong matigas ang ulo ng bayang ito. Kayat pabayaan mo ngayong tupukin sila't ubusin ng aking poot. Ngunit mula sa iyo, gagawa ako ng isang malaking bansa."

Ngunit pinakiusapan ni Moises si Yaweng kanyang Diyos, at sinabi: "O Yawe, puwede bang mag-apoy ang iyong galit sa iyong bayan na inilabas mo mula sa lupain ng Ehipto nang may dakilang kapangyarihan at malakas na kamay?

Ikalawang Pagbasa: 1 Tim 1:12-17

Pinasasalamatan ko ang humirang sa akin, si Kristo Jesus na ating Panginoon. Nagtiwala siya sa akin sa pagtatalaga niya sa akin na tagapaglingkod. Pasalungat ako noong una, nang-uusig at marahas. Subalit kinahabagan niya ako dahil kumilos ako sa kamangmangan sa pagtanggi kong maniwala. Masaganang ibinuhos sa akin ang kagandahang-loob ng ating Panginoon, kasama ang Kristiyanong pananampalataya at pag-ibig.

Totoo at maaasahan ang salitang ito: dumating si Kristo Jesus sa mundo upang iligtas ang mga makasalanan, na ako ang una. At kinahabagan ako upang sa akin muna mahayag ang pasensya ni Kristo Jesus, at magsilbing halimbawa sa mga maniniwala sa kanya para magkaroon sila ng buhay na walang hanggan. Sa Hari ng panahon, sa walang-kamatayan, di-nakikita at iisang Diyos: dangal at luwalhati magpakailanman. Amen!

Tinapay ng Buhay: Lc 15:1-32

Lumapit kay Jesus ang lahat ng kolektor ng buwis at mga makasalanan para makinig. Kaya nagbulung-bulungan ang mga Pariseo at mga guro ng Batas: “Tinatanggap niyan ang mga makasalanan at nakikisalo sa kanila.” Kaya sinabi ni Jesus ang talinhagang ito sa kanila:

“Kung may sandaang tupa ang isa sa inyo at mawala ang isa sa mga ito, hindi ba niya iiwan ang siyamnapu’t siyam sa ilang para hanapin ang nawawala hanggang matagpuan niya ito? At pag natagpuan ito’y masaya niya itong pinapasan sa balikat, at pagdating sa bahay ay tatawagin niya ang mga kaibigan at mga kapitbahay at sasabihin sa kanila: ‘Matuwa kayong kasama ko sapagkat natagpuan ko na ang nawawala kong tupa.’ Sinasabi ko sa inyo: magkakaroon din ng higit na kagalakan sa langit para sa isang makasalanang nagsisisi kaysa siyamnapu’t siyam na matuwid na di nangangailangan ng pagsisisi.

Kung may sampung baryang pilak ang isang babae at nawala ang isa sa mga ito, hindi ba siya magsisindi ng ilaw, magwawalis sa bahay at hahanaping mabuti hanggang matagpuan ito? At pagkakita rito’y tatawagin ang mga kaibigang babae at mga kapitbahay: ‘Matuwa kayong kasama ko sapagkat natagpuan ko ang nawawala kong baryang pilak.’ Sinasabi ko sa inyo na ganito rin sa mga anghel ng Diyos, magkakaroon ng kagalakan para sa isang makasalanang nagsisisi.”

Sinabi pa rin ni Jesus: “May isang taong may dalawang anak na lalaki. Sinabi ng bunso sa kanyang ama: ‘Itay, ibigay na ninyo sa akin ang parte ko sa mana.’ At hinati sa kanila ng ama ang ari-arian.

Pagkaraan ng ilang araw, tinipon ng bunsong anak ang lahat ng kanya at naglakbay sa malayong lupain. Doon niya winaldas ang sa kanya sa maluwag na pamumuhay. Nang maubos na ang lahat sa kanya, nagkaroon ng matinding taggutom sa lupaing ’yon at nagsimula siyang maghikahos. Kaya pumunta siya at namasukan sa isang tagaroon, at inutusan siyang mag-alaga ng mga baboy sa bukid nito. At gusto sana niyang punuin kahit na ng kaning-baboy ang kanyang tiyan pero wala namang magbigay sa kanya.

Noon siya natauhan at nag-isip: ‘Gaano karaming arawan sa bahay ng aking ama na labis-labis ang pagkain at namamatay naman ako dito sa gutom. Titindig ako, pupunta sa aking ama, at sasabihin ko sa kanya: ‘Itay, nagkasala ako laban sa langit at sa harap mo. Hindi na ako karapat-dapat pangtawaging anak mo; ituring mo na akong isa sa iyong mga arawan.’

Kaya tumindig siya papunta sa kanyang ama. Malayo pa siya nang matanaw ng kanyang ama at naawa ito, patakbo nitong sinalubong ang anak, niyakap at hinalikan. Sinabi sa kanya ng anak: ‘Ama, nagkasala ako laban sa langit at sa harap mo; hindi na ako karapat-dapat pang tawaging anak mo.’

Pero sinabi ng ama sa kanyang mga utusan: ‘Madali, dalhin ninyo ang dati niyang damit at ibihis sa kanya; suutan ninyo ng sinsing ang kanyang daliri at ng sapatos ang kanyang mga paa. Dalhin at katayin ang pinatabang guya, kumain tayo at magsaya sapagkat namatay na ang anak kong ito at nabuhay, nawala at natagpuan.’ At nagsimula silang magdiwang.

Nasa bukid noon ang panganay na anak. Nang pauwi na siya at malapit na sa bahay, narinig niya ang tugtugan at sayawan. Tinawag niya ang isa sa mga utusan at tinanong kung ano ang nangyari. Sinabi nito sa kanya: ‘Nagbalik ang kapatid mo kaya ipinapatay ng iyong ama ang pinatabang guya dahil nabawi niya siyang buhay at di naano.’

Nagalit ang panganay at ayaw pumasok kaya lumabas ang ama at nakiusap sa kanya. Sumagot naman siya sa ama: ‘Maraming taon na akong nagsisilbi sa inyo at kailanma’y di ko nilabag ang inyong mga utos pero kailanma’y di ninyo ako binigyan ng kahit na isang kambing na mapagpipiyestahan namin ng aking mga kabarkada. Ngunit dumating lamang ang anak ninyong ito na lumustay sa inyong kayamanan sa mga babaeng bayaran, at ipinakatay pa ninyo ang pinatabang guya.’

Sinabi sa kanya ng ama: ‘Anak, lagi kitang kasama at sa iyo rin ang lahat ng akin. Pero dapat lamang na magdiwang at magsaya dahil namatay na ang kapatid mo at nabuhay, nawala at natagpuan’.”

Pagninilay

Noong nakaraang Mayo lang may kausap akong seminarista. Tinanong ko siya kung ano ba talaga ang gusto niya sa buhay. Sinagot ako nang, “Maging sikat at mayaman, Ate!” Nagulat ako sa sagot niya at sabay sinabi ko, “kung gayon, di ka dapat dito sa seminaryo. Hindi ka sisikat at yayaman!” Ngunit sa pagmumuni-muni ko pagkatapos ng pangyayaring iyon, inamin ko sa sarili na ang karamihan sa kabataan ngayon ay gustong sumikat (kagaya ng mga artistang nakikita nila sa telebisyon) at yumaman

(kagaya ng mga dalubhasa sa kompyuter). Ito ang pinahahalagahan ng lipunan ngayon. Kaya nga siguro kakaunti na rin ang pumapasok sa mga seminaryo.

Hindi nga maaaring magsabay ang paglilingkod sa Diyos at sa pera.

Setyembre 13
Lunes

Ika-24 na Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: 1 Cor 11;17-26, 33
Tinapay ng Buhay: Lc 7:1-10

Matapos ituro ni Jesus ang mga ito sa mga tao, pumasok siya sa Capernaum.

May isang kapitan na may katulong na naghihingalo at pinahahalagahan niya ito. Pagkarinig niya tungkol kay Jesus, nagpapunta siya sa kanya ng mga Matatanda ng mga Judio para pakiusapang pumunta at pagalingin ang kanyang katulong. Pagdating ng mga ito kay Jesus, taimtim nila siyang pinakiusapan: “Marapat lamang na pagbigyan mo siya; mahal nga niya ang ating bayan at siya ang nagpatayo ng aming sinagoga.”

Kaya kasama nilang pumunta si Jesus. Nang hindi na siya kalayuan sa bahay, nagpapunta naman sa kanya ng mga kaibigan ang kapitan para sabihin: “Ginoo, huwag ka nang mag-abala pa; hindi nga siguro ako karapat-dapat para tumuloy ka sa aking bahay. Kaya hindi ko man lang inakalang nararapat akong lumapit sa iyo. Mag-utos ka lang at gagaling na ang aking katulong. Mababa nga lang ang ranggo ko pero may mga sundalo sa ilalim ko. At kung iutos ko sa isa, ‘Umalis ka,’ umaalis siya; at sa iba naman, ‘Halika,’ at pumaparito siya. At pag sinabi kong ‘Gawin mo ito,’ sa aking katulong, ginagawa nga niya ito.”

Humanga si Jesus pagkarinig niya nito. Lumingon siya sa mga sumusunod sa kanya at sinabi: “Sinasabi ko sa inyo, sa Israel ma’y hindi ko natagpuan ang ganitong pananalig!” At nang magbalik sa bahay ang mga sinugo, natagpuan nilang magaling na ang katulong.

Pagninilay

Masaya akong naghahanda para sa isang seminar nang araw na iyon. Tiyak na maraming dadalo, sabi ko sa sarili ko. Ngunit, wala ni isang dumalo! Mangiyak-ngiyak! ako nang dumating ang kura paroko, at tinanong kung ilan ang dumating, hindi ako makapagsalita. Sa galit ko, nahagis ko pa ang isang upuan. Sinasaway na niya ako. Nang napawi ng kaunti ang iyak

ko, sabi niya, “May ikukwento ako sa iyo… Noong ako’y bago pa dito, naghanda rin ako ng seminar kagaya nito. Nag-imbita pa ako ng guest priest. Alam mo ba, ni isa walang dumating! Pari na ako, ha!” “Ang mahalaga ,” aniya, “ ay may pananalig tayo sa gawaing tinakda ng Diyos para sa atin! Huwag ka mabahala! Maging laging tapat lang tayo!”

Setyembre 14
Martes

Pagtatampok sa Krus na Banal

Unang Pagbasa: Num 21:4-9
Ikalawang Pagbasa: Fil 2:6-11
Tinapay ng Buhay: Jn 3:13-17

Sinabi ni Jesus kay Nicodemo, “Walang umakyat sa langit maliban sa bumaba mula sa langit—ang Anak ng Tao.

At kung paanong itinaas ni Moises ang ahas sa disyerto, gayundin dapat itaas ang Anak ng Tao upang magkaroon ng buhay magpakailanman ang bawat nananalig sa kanya.

Ganito nga kamahal ng Diyos ang mundo! Kayat ibinigay niya ang kanyang bugtong na anak upang hindi na mawala ang bawat nananalig sa kanya kundi magkaroon ng buhay magpakailanman.

Hindi nga sinugo ng Diyos sa mundo ang Anak upang hukuman ang mundo kundi upang maligtas ang mundo sa pamamagitan niya.”

Pagninilay

Isang araw, may ibinigay akong panayam tungkol sa *“espirituwalidad.”* Pagkatapos, may lumapit sa akin at nagtanong tungkol sa KALIGTASAN. Matagal na niyang tinatanong ang sarili niya “Bakit ba kailangan akong iligtas?” At ako, sa tanong kong “Ano nga ba ang `kaligtasan’?” Hanggang sa mauwi ang diskusyon namin sa “Ipagpaliban muna natin itong diskusyon… Siguro sa buhay natin makikita ang sagot…” sabay ngiti. Tinanong ko rin ang sarili ko: Mahal tayo ng Diyos, di ba? Kapag nagkakasala tayo sa Kanya o sa kapwa natin, ganoon kalawak at kalalim ang pagmamahal Niya sa atin at tayo’y pinapatawad. Dahil dito, si Jesus ng Nasaret ang ginawa Niyang daan para makabalik tayo sa Kanya, para mailigtas tayo sa kasalanan at kamatayan.

Setyembre 15
Miyerkules

Mahal na Birheng Maria na Nagdadalamhati
Unang Pagbasa: Heb 5:7-9
Tinapay ng Buhay: Jn 19:25-27

Nangakatayo naman sa tabi ng krus ni Jesus ang kanyang ina at ang kapatid na babae ng kanyang ina, si Maria ni Cleofas at si Maria Magdalena. Kaya pagkakita ni Jesus sa ina at sa alagad na mahal niya na nakatayo sa tabi, sinabi niya sa Ina: “Babae, hayan ang anak mo!” pagkatapos ay sinabi naman niya sa alagad: “Hayan ang iyong ina.” At mula sa oras na iyon, tinanggap siya ng alagad sa kanyang tahanan.

Pagninilay

Ano kaya ang damdamin na nasa puso ni Maria nang makita niya ang anak na si Jesus na nakapako sa krus? Ano ang pakiramdam ng isang ina ngayon kung makikita niya ang anak na pinaparusahan.? Walang iba kundi ang isang ina rin ang makakasagot nito. Hangang-hanga ako sa mga kapatid kong mga babae at mga hipag ko na mga nanay. Kapag may sakit ang kanilang mga anak, halos hindi na kumakain o natutulog sa pagbabantay nang magdamag. Pero higit sa lahat, hanga ako sa sarili kong ina, sapagkat nang dahil sa kanya at sa aking tatay, ako’y buhay sa mundong ito. Anong ligaya ang naramdaman ni Maria noong siya’y maluwalhating tinanggap ni Juan sa tahanan niya sa gitna ng matinding pagdadalamhati!

Setyembre 16
Huwebes

Ika-24 na Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: 1 Cor 15:1-11
Tinapay ng Buhay: Lc 7:36-50

Inanyayahan si Jesus ng isa sa mga Pariseo na makisalo sa kanya kaya pumasok siya sa bahay ng Pariseo at humilig sa sopa para kumain. Ngayon, may isang babae sa bayang iyon na itinuturing na makasalanan. Nang malaman nitong si Jesus ay nasa hapag sa bahay ng Pariseo, nagdala ito ng pabangong nasa sisidlang alabastro. Tumayo siya sa likuran, sa may paanan ni Jesus at umiyak. Tumulo ang kanyang mga luha sa mga paa ni Jesus at pinunasan niya ng kanyang buhok, at hinagkan at pinahiran ng pabango.

Nang makita ito ng Pariseong kumumbida sa kanya, naisip nito: “Kung propeta ang taong ito, malalaman niya kung sino ang babaeng ito at anong uri ng tao ang humihipo sa kanya—isa ngang makasalanan!”

Ngunit nagsalita sa kanya si Jesus: “Simon, may sasabihin ako sa iyo.” Sumagot ito: “Guro, magsalita ka.” At sinabi niya: “May dalawang may utang sa isang taong nagpapautang. Limandaang salaping pilak ang utang ng isa at limampu naman ang sa isa pa. Ngunit wala silang maibayad kaya kapwa niya sila pinatawad. Ngayon, sino sa kanila ang magmamahal sa kanya nang higit?”

Sumagot si Simon: “Sa palagay ko’y ang pinatawad niya ng mas malaki.” At sinabi sa kanya ni Jesus: “Tama ang hatol mo.” At paglingon niya sa babae, sinabi niya kay Simon: “Nakikita mo ba ang babaeng ito? Pumasok ako sa iyong bahay at hindi mo ako binigyan ng tubig para sa aking mga paa ngunit binasa niya ng kanyang luha ang aking mga paa at pinunasan ito ng kanyang buhok. Hindi mo ako hinagkan ngunit mula nang pumasok siya’y wala nang tigil ang kahahalik niya sa aking mga paa. Hindi mo pinahiran ng langis ang aking ulo ngunit binuhusan niya ng pabango ang aking mga paa. Kaya sinasabi ko sa iyo, pinatatawad na ang marami niyang kasalanan dahil nagmahal siya nang malaki. Ngunit nagmamahal lamang nang kaunti ang pinatatawad nang kaunti.”

At sinabi naman ni Jesus sa babae: “Pinatatawad ang iyong mga kasalanan.” At nagsimulang mag-isip ang mga nasa hapag: “At nangangahas ang taong ito na magpatawad ng mga kasalanan!”

Ngunit sinabi ni Jesus sa babae: “Iniligtas ka ng iyong pananampalataya; humayo ka sa kapayapaan.”

Pagninilay

Bakit nga ba palagi ang babae ang tinuturing na makasalanan sa relasyon kagaya ng pakikiapid? Hindi ba may sala rin ang lalaki? Ito ang dumadaan sa kaisipan ko tuwing babasahin ko itong Ebanghelyo natin ngayon. Pero para sa akin, mahalaga ang sinabi ni Jesus: “… pinatatawad na ang marami niyang kasalanan dahil nagmahal siya nang malaki.” At dinagdag pa niya sa babae, “Iniligtas ka ng iyong pananampalataya; humayo ka sa kapayapaan.” Katapatan at malaking pagmamahal—wala nang iba pang hinihingi sa atin.

Setyembre 17
Biyernes

Ika-24 na Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 1 Cor 15:12-20
Tinapay ng Buhay: Lc 8:1-3

Pagkatapos ay naglibot si Jesus sa bawat lunsod at bayan na nangangaral at ibinabalita ang kaharian ng Diyos. Kasama niya ang Labindalawa at ilang mga babae na pinagaling sa masasamang espiritu at mga karamdaman: si Maria na tinaguriang Magdalena, na nilisan ng pitong demonyo, si Juana na asawa ni Kusa na katiwala ni Herodes, at si Susana at iba pang naglilingkod sa kanila mula sa kanilang kaya.

Pagninilay

Hanggang ngayon ang tingin ng maraming Katoliko kay Maria Magdalena ay isang babaeng nagbibigay ng aliw. Ang mga salitang "nilisan ng pitong demonyo" ay tungkol sa isang sakit na sikolohikal sa panahon na iyon, at hindi tungkol sa prostitusyon ng aking mga kaklase. Tinanong nila kung bakit sa matagal nang panahon, iyan ang pagtuturo sa mga Kristiyano. May dalawang sagot na di ko makalimutan. Una, ang "prostitute" na walang pangalan at si Maria Magdalena ay pinag-isang tao. Pangalawa, si Maria Magdalena ay nakikita sa apat na Ebanghelyo, sa pagkamatay kay Hesus. Para sa mga dalubhasa sa Biblia, ito'y nangangahulugan na may mahalagang katungkulan si Maria ng Magdala sa mga apostoles.

Setyembre 18
Sabado

Ika-14 na Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: 1 Cor 15:35—37, 42-49
Tinapay ng Buhay: Lc 8:4-15

Napakakapal na tao ang nagkakatipon dahil pinupuntahan si Jesus ng mga tao mula sa kani-kanilang mga bayan. Kaya nagsalita siya sa talinhaga:

"Lumabas ang manghahasik para maghasik ng kanyang binhi. Sa kanyang paghahasik, may ilang butong nahulog sa tabi ng daan at tinapak--tapakan at kinain ng mga ibon sa langit. Nahulog ang iba sa batuhan, at nang sumibol ay nalanta dahil sa kawalan ng halumigmig. Nahulog ang iba pang buto sa gitna ng tinikan, at sa sabay nilang paglaki, sinikil ito ng mga tinik. Nahulog naman ang iba pa sa matabang lupa at nang sumibol ay nagbunga nang tig-iisang daan." Pagkasabi nito'y sumigaw siya: "Makinig ang may tainga."

At tinanong siya ng kanyang mga alagad kung ano ang kahulugan ng talinhagang ito. Kayat sinabi niya: "Sa inyo ipinagkaloob na malaman ang

mga lihim ng kaharian ng Diyos, at sa iba nama'y sa mga talinhaga lamang para *tumingin sila at hindi makakita, makinig at hindi makaunawa.*

Ito ang kahulugan ng talinhaga. Ang binhi ay ang salita ng Diyos. Ang mga nasa tabi ng daan ay ang mga nakakarinig nito pero agad namang dumarating ang diyablo; inaagaw niya ang salita mula sa kanilang isipan upang huwag silang manalig at maligtas. Ang mga nasa batuhan ay ang mga nakakarinig na masayang tinatanggap ang salita. Ngunit wala silang ugat kaya sandali silang nananalig at tumitiwalag naman sa panahon ng tukso. Ang nahulog naman sa mga tinikan ay ang mga nakakarinig ngunit sa pagpapatuloy nila'y sinikil ng mga kabalisahan, ng kayamanan at ng mga kasiyahan sa buhay kaya hindi sila nakapagbunga. Ang nahulog naman sa matabang lupa ay ang mga nakakarinig sa salita at iniingatan ito nang may dakila't mabuting loob at nagbubunga sila sa kanilang pagtitiyaga.

Pagninilay

Mahalagang makinig sa Salita ng Diyos. Pero sa talinghaga ngayon, hindi sapat na makinig lamang. Ang mas mahalaga ay ang pagtanggap nito sa "matabang lupa" ng buhay natin, iniingatan ng dakila't mabuting loob at nagbubunga ng mabuti. Ano kaya ang magiging kinabukasan ng mundo kapag ang buhay ng lahat ng mga Kristiyano'y nagbubunga ng tig-iisang daang mabuting gawa?

Setyembre 19
Linggo

Ika-25 Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: Am 8:4-7

Makinig kayong lahat na nang-aapi sa dukha at naghahangad na alisin sa lupain ang mga aba. Sabi ninyo: "Kailan matatapos ang Bagong Buwan o ang Araw ng Pahinga nang mabuksan namin ang tindahan ng trigo? Bawasan natin ang takal at itaas ang presyo; gamitin ang madayang timbangan at ipagbili kahit na ang ipa, ipagpapalit natin sa pera ang dukha at sa isang paris na sandalyas ang nagdarahop."

Si Yawe, ang karangalan ng Jacob, ay sumumpa sa sarili: "Hindi ko kailanman malilimot ang kanilang ginawa."

Ikalawang Pagbasa: 1 Tim 2:1-8

Iginigiit kong isamo, ipagdasal, ihiling at ipagpasalamat ang lahat ng tao ang mga hari at mga namumuno, upang mabuhay tayo sa kabanalan at katamtaman, sa katahimikan at kapayapaan.

Mabuti nga ito at kalugud-lugod sa paningin ng Diyos na ating Tagapagligtas; siya ang may gustong maligtas ang lahat ng tao at marating ang kaalaman sa katotohanang ito: iisa ang Diyos, iisa rin ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao—si Kristo Jesus na tao. At ito ang patotoo ng Diyos sa takdang panahon: inialay niya ang sarili bilang pantubos sa lahat. Ginawa akong tagapangaral at apostol nito; totoo ang sasabihin ko at hindi kasinungalingan: naging guro ako ng mga bansang pagano hinggil sa pananampalataya at katotohanan.

Ito ang gusto ko sa panalangin saanman: malinis na kamay ang dapat itaas ng mga lalaki nang walang galit at pag-aaway.

Tinapay ng Buhay: Lc 16:1-13

Sinabi rin ni Jesus sa kanyang mga alagad: “May katiwala ang isang mayaman, at isinumbong sa kanya na nilulustay ng katiwala ang kanyang kayamanan. Ipinatawag niya ito at sinabi sa kanya: ‘Ano itong naririnig ko tungkol sa iyo? Magsulit ka sa akin ng iyong pangangasiwa dahil hindi ka na makapangangasiwa.’

At inisip ng katiwala: ‘Tatanggalin ako ngayon sa pangangasiwa ng aking panginoon. Ano ang gagawin ko? Kulang ako ng lakas para magbungkal ng lupa, nahihiya naman akong magpalimos. Ah, alam ko na ang gagawin ko. At pagkatanggal sa akin sa pangangasiwa, may mga magpapatuloy sa akin sa kanilang mga bahay.’

Kaya tinawag niyang isa-isa ang mga may-utang sa kanyang panginoon. Tinanong niya ang una: “Magkano ang utang mo sa aking panginoon?’ Sumagot ito: ‘Sandaang galon ng langis.’ Sinabi ng katiwala: ‘Narito ang resibo mo; maupo ka agad at isulat mo: Limampu.’ Tinanong naman niya ang ikalawa: ‘At ikaw, magkano ang utang mo?’ Sumagot siya: ‘Sanlibong takal ng trigo.’ Sinabi ng katiwala: ‘Narito ang iyong resibo at isulat mo: Walundaan.”

Hinangaan ng panginoon ang matalinong paggawa ng di-matuwid na katiwala. Mas matalino nga ang mga taong makamundo sa pakikitungo sa mga gaya nila kaysa mga tao ng liwanag. Kaya sinasabi ko sa inyo: gamitin ninyo ang di-matuwid na Perang-diyos para magkaroon ng mga kaibigan para sa pagkaubos nito’y tanggapin naman nila kayo sa walang hanggang mga tahanan.

Ang mapagkakatiwalaan sa maliliit na bagay ay mapagkakatiwalaan din sa malalaki, at ang di mapagkakatiwalaan sa maliliit ay di rin mapagkakatiwalaan sa malalaki. Kung hindi kayo mapagkatiwalaan sa dimatuwid na pera, sino ang magtitiwala sa inyo ng tunay na kayamanan? Kung hindi kayo mapagkatiwalaan sa mga bagay na hindi talaga sa inyo, sino pa kaya ang magbibigay sa inyo ng talagang inyo?

Walang katulong na makapagsi-silbi sa dalawang amo; siguradong kamumuhian niya ang isa at mamahalin naman ang isa pa, o magiging matapat sa isa at mapababayaan ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Diyos at sa pera."

Pagninilay

Noong nakaraang Linggo, ito na ang leksiyon na ibinigay sa atin: hindi maaring magsabay ang paglilingkod sa Diyos at sa pera. Kung tungkol sa seminarista ang kuwento ko dati, ito nama'y tungkol sa isang pangkaraniwang Katoliko. Mayaman daw ang babaeng ito; mahilig magbiyahe sa ibang bansa. Sa isang biyahe niya, nagkaroon siya ng isang tinatawag na "*conversion experience,*" parang yung nangyari kay Pablo sa daan papuntang Damascus sa Bagong Tipan ng Biblia. Tinalikuran niya ang lahat—biyahe, kayamanan, pag-aasawa at ginamit ang namanang lupa para magpatayo ng isang retreat center. Hindi lang iyon, pinapakain niya ang lahat na pumupunta sa lugar na iyon, kapag sila'y tinanggap na niya. Ang hinihiling lang niya ay katahimikan, dasal at panahon para sa Diyos sa lahat nang nananantili sa lugar na iyon.

September 20
Lunes

Ika-25 Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: Pro 3:27-34
Tinapay ng Buhay: Lc 8:16-18

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, "Walang nagsisindi ng ilawan at tinatakpan ito ng palayok o inilalagay sa ilalim ng higaan. Ipinapatong ito sa patungan para makita ng mga pumapasok ang liwanag. Walang nalilihim na di mabubunyag ni natatakpan na di mahahayag at malalantad. Kayat isip-isipin ninyo ang inyong naririnig dahil bibigyan pa nga ang mayroon at ang walang-wala naman, kahit na ang akala niyang kanya, ay aagawin sa kanya."

Pagninilay

Ayon sa nabasa kong bahaginan ng isang dalubhasang sikolohista, ang higit na kinatatakutan ng tao ay hindi na matuklasan ng iba ang mga kahinaan niya kundi takot sa sariling liwanag ng buhay. Takot tayo sa sarili nating buhay na tayo'y pinakamagandang gawain ng Manlilikhang Diyos. Takot ang maraming tao, aniya, na gumawa ng mabuti. Saan galing ang takot na iyon? Bakit tákot ang tugon ng tao sa malikhain gawa ng Diyos? Ang buhay nating nilikha ng Diyos ay isang magandang ilaw kasama sa Kaharian ng Diyos. Ang mga talinghagang ito na nababasa natin kay Lucas ay tungkol sa Kaharian ng Diyos. Hindi ba ang nilikha ng Diyos ay kasama sa Kaharian Niya? At hindi ba ang buhay natin na siyang pinakadakilang likhain ng Diyos ay kasama sa Kaharian?

Setyembre 21
Martes

San Mateo, Apostol at Ebanghelista
Unang Pagbasa: Ef 4:1-7, 11-13
Tinapay ng Buhay: Mt 9:9-13

Sa paglalakad ni Jesus, nakita niya ang isang lalaking nagngangalang Mateo na nakaupo sa singilan ng buwis at sinabi niya rito: "Sumunod ka sa akin." At tumayo si Mateo at sinundan siya. At habang nasa hapag si Jesus sa bahay ni Mateo, maraming tagasingil ng buwis at iba pang makasalanan ang lumapit at nakisalo kay Jesus at sa kanyang mga alagad. Nang makita ito ng mga Pariseo, tinanong nila ang kanyang mga alagad: "Bakit kumakaing kasama ng mga makasalanan at manininggil ng buwis ang inyong guro?"

Nang marinig ito ni Jesus, sinabi niya: "Hindi ang malulusog ang nangangailangan ng doktor kundi ang mga maysakit! Sige, matutuhan sana ninyo ang kahulugan ng *'Awa ang gusto ko, hindi handog.'* Hindi ako pumarito para tawagin ang mabubuti kundi ang mga makasalanan."

Pagninilay

Noong bago pa lang ako sa gawaing paghuhubog pamparokya, marami akong naranasang kabiguan, higit sa lahat ang hindi pagdating ng mga inimbitang dapat magsidalo. Minsan, naghintay ako ng halos isa't kalahating oras (ngayon di na ako naghihintay ng ganoong katagal). Malaki ang tampo ko noon. Sa isang kagandahang-palad, nagkaroon ako ng isang pagkakataon

na makausap ang lider sa aming parokya. At inilabas ko ang sama ng loob ko. Nakinig siya't sinabi. "Baka naman hindi para sa kanila, kundi para sa iyo, ang karanasang nadama mo sa pagkabigo sa mga paghuhubog." "Pinagtitibay ng Diyos ang iyong katatagan ng puso at katapatan sa paglilingkod kahit na palaging bigo ka sa pagdalo ng iba," dagdag pa niya.

Setyembre 22
Miyerkules

Ika-25 Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: Kas 30:5-9
Tinapay ng Buhay: Lc 9:1-6

Tinawag ni Jesus ang Labindalawa at binigyan sila ng lakas at kapangyarihan para supilin ang lahat ng demonyo at magpagaling ng mga sakit. Sinugo niya sila para ipahayag ang kaharian ng Diyos at magbigay-lunas.

Sinabi niya sa kanila: "Huwag kayong magdala ng anuman sa inyong paglakad, ni tungkod, ni supot, ni tinapay, ni salapi; huwag kayong magkaroon ng tigalwang bihisan. Sa alinmang bahay kayo nakituloy, doon kayo tumigil hanggang sa pag-alis ninyo. Kung may hindi tatanggap sa inyo, umalis kayo sa bayang iyon at ipagpag ang alikabok sa inyong mga paa bilang sakdal laban sa kanila."

Kaya nga lumabas sila at dumaan sa lahat ng bayan na nangangaral at nagpapagaling saanman.

Pagninilay

Matindi ang gawaing pagtataguyod ng karapatang pantao. Minsan kasama ang mga taong simbahan, pumunta kami sa isang sitio na may kalayuan sa daanan ng sasakyan. Naglakad kami nang matagal. Ngunit pagdating namin, buong-puso kaming tinanggap ng isang lider ng mga lumad. Di Kristiyano at di rin Muslim ang mga lumad; may sarili silang paniniwala. Doon kami tumigil ng tatlong araw—kinain namin ang kinakain nila, nagkwentuhan kami; natulog kami sa bahay niya. Maayos ang pagbabahaginan. Sa huling araw, kami'y tinanong kung bakit napakalayo pa nang pinaggalingan namin para lang tugunan ang problemang karapatang pantao sa kanila. Kung lahat daw ng mga Kristiyano'y kagaya namin, sana'y Kristiyano na rin daw sila.

Setyembre 23
Huwebes

Ika-25 Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: Ecl 1:2-11
Tinapay ng Buhay: Lc 9:7-9

Nabalitaan naman ng tetrarkang si Herodes ang lahat ng pangyayaring ito at litung-lito siya dahil may nagsasabing nabuhay mula sa mga patay si Juan. Sinabi naman ng iba na nagpakita si Elias, at ng iba pa na isa sa mga propeta noon ang bumangon. At sinabi ni Herodes: “Pinapugutan ko si Juan; sino nga kaya itong nababalitaan kong gumagawa ng mga iyon?” Kaya sinikap niyang makita siya.

Pagninilay

Kung may kasalanan ang isang tao lalung-lalo na sa kapwa, hindi mapipigilan ang budhi o konsyensiya sa ginawang masama. Ikinulong si Juan dahil ipinalabas niya ang malaking kasalanan ni Herodes—ang pang-aagaw niya sa asawa ng kanyang kapatid na si Felipe. Kaya di mapakali si Herodes nang narinig niya na may isang taong kagaya ni Juan na tumatawag sa mga tao upang magbalik-loob sa Diyos. Sa panahon ni Jesus wala nang malalaking propeta kagaya ni Isaias bagamat si Juan Bautista ay kinikilalang propeta. Kaya hindi makapaniwala si Herodes na bagamat patay na si Juan Bautista ay may isa pang naglalakas-loob na gawin ang naiwang trabaho ni Juan.

Setyembre 24
Biyernes

Ika-25 Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: Ecl 3:1-11
Tinapay ng Buhay: Lc 9:18-22

Minsan, mag-isang nagdarasal si Jesus at naroon din ang mga alagad. Tinanong niya sila: “Sino raw ako ayon sa sabi ng mga tao?” Sumagot sila: “Si Juan Bautista raw; may iba namang nagsasabing ikaw si Elias at may iba pang nagsasabi na isang propeta noong una ang nabuhay.”

At sinabi ni Jesus sa kanila: “Ano naman ang sinasabi ninyo kung sino ako?” Sumagot si Pedro: “Ang Mesiyas ng Diyos.” At inutusan sila ni Jesus na huwag sabihin ito kaninuman.

Sinabi nga ni Jesus: “Kailangang magtiis ng marami ang Anak ng Tao. Itatakwil nga siya ng mga Matatanda ng bayan, ng mga punong-pari at ng mga guro ng Batas. Papatayin siya at muling babangon sa ikatlong araw.”

Pagninilay

“Sino ako ayon sa inyo?” Sa pag-aaral ko ng teolohiya, ang katanungang ito ay naging isang pinakamahalagang tanong bago ko pinili ang paksa para sa tesis ko. Hanggang ngayon, iyan pa rin ang tanong sa ating lahat: SINO AKO? Ang sagot ni Pedro ay “ang Mesiyas ng Diyos,” at inutusan sila ni Jesus na huwag muna sabihin sa mga tao. Ibinigay pa ni Jesus ang katwiran niya para ilihim ito: “kailangan magtiis… itatakwil …papatayin… at muling babangon…” ang Mesiyas. Ibang klaseng hugis ng manliligtas ang ibinibigay sa atin sa Ebanghelyo—di siya tanggap ng mga matatanda, mga punong-pari at mga guro ng Batas. Sa halip ay pinatay… Tayo kaya: sino nga ba si Kristo para sa atin?

Setyembre 25
Sabado

Ika-25 Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: Ecl 11:9—12:8
Tinapay ng Buhay: Lc 9:43-45

Lubos na namangha ang lahat dahil sa kadakilaan ng Diyos.

Nang lubos na nagtataka ang lahat dahil sa mga ginagawa ni Jesus, sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad: “Itanim ninyong mabuti sa inyong pandinig ang mga kataga kong ito: ibibigay ang Anak ng Tao sa kamay ng mga tao.” Hindi nila naintindihan ang pahayag na ito at nalingid ito sa kanila upang hindi nila maunawaan. At takot naman silang magtanong sa kanya tungkol sa pahayag na ito.

Pagninilay

May tumawag kay Jesus habang dumadaan siya sa mga tao. Hiningi ng isang ama na tulungan ang anak na lalaki niya sapagkat ito’y sinapian ng masamang espiritu. Idinugtong pa niya na hindi mapaalis ng mga disipulo ni Jesus ang espiritu na iyan. Nagalit si Jesus bago niya pinagaling ang batang lalaki. Lahat ay namangha sa ganitong kababalaghan. Kahit ganito ang pagtanggap kay Jesus, alam natin na ang mga taong namangha sa kanya ay sisigaw rin sa bandang huli para iparatang sa kanya ang parusang

kamatayan. Kung gaano namangha ang mga tao sa kadakilaan ng Diyos na nakita nila sa ginawa ni Jesus, ganoon rin ang takot nila sa kapangyarihan ni Jesus na nakikita sa mga gawain niya.

Setyembre 26
Linggo

Ika-26 na Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: Am 6:1, 4-7

Kawawa ang mga panatag sa kaginha wahan sa Sion, na nagtitiwala sa burol ng Samaria!

Kawawa kayong mga taong kinikilala sa mga bansa, na parang mga diyos sa Israel!

Nahihiga kayo sa mga kamang may-ukit na garing at humihilata sa mga sopa. Kinakain ninyo ang mga batang tupa mula sa kawan at mga guya mula sa kulungan.

Tinutugtog ninyo ang alpa, at gumagawa ng mga bagong awit gaya ni David.

Pitsel-pitsel kung uminom kayo ng alak at pinakamahal na langis ang ginagamit, ngunit hindi ninyo ikinalulungkot ang mga guho sa bayan ni Jose.

Kaya mauuna kayo sa mga ipatatapon at magwawakas ang pagdiriwang ng mga nakahilata.

Ikalawang Pagbasa: 1 Tim 6:11-16

Ikaw naman na tao ng Diyos, iwasan mo ang lahat ng ito. Hanapin mo ang katarungan, kabanalan, pananampalataya, pag-ibig, pagtitiis at kabaitan. Ipaglaban mo ang mabuting laban ng pananampalataya, kamtin ang buhay na walang hanggan. Dahil dito kaya ka hinirang at kaya mo ipinahayag ang magandang patotoo sa harap ng maraming saksi. Kaya itinatagubilin ko sa iyo sa harap ng Diyos na nagbibigay-buhay sa lahat at ni Kristo Jesus na nagbigay ng magandang patotoo sa harap ni Poncio Pilato: tuparin mo nang walang dungis at kapintasan ang Utos hanggang sa pagpapakita ng ating Panginoong Jesucristo. Ipahahayag siya sa takdang panahon ng maluwalhati at kaisa-isang Makapangyarihang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon. Tanging siya ang di-namamatay at nasa liwanag na di maaabot; hindi siya nakita o makikita ng tao; sa kanya ang karangalan at kapang-yarihan magpakailanman. Amen!

Tinapay ng Buhay: Lc 16:19-31

Sinabi ni Jesus sa mga Pariseo, “May isang mayaman na nakabihis ng magarang damit at pinong linen at parang piyesta ang kanyang buhay sa araw-araw. Nakahandusay naman sa may pintuan niya ang isang dukhang nagngangalang Lazaro. Tadtad siya ng mga sugat at gusto sana niyang kainin ang mumong nahuhulog sa hapag ng mayaman, sa halip ay mga aso ang lumalapit sa kanya at hinihimuran ang kanyang mga sugat. At namatay ang dukha at dinala siya ng mga anghel sa piling ni Abraham. Namatay rin naman ang mayaman at inilibing. Nang nasa impiyerno na siya, tumingala siya sa kanyang pagdurusa at natanaw sa malayo si Abraham at si Lazaro sa piling nito. Kaya sumigaw siya: “Amang Abraham, maawa ka sa akin at utusan mo naman si Lazaro na isawsaw niya sa tubig ang dulo ng kanyang daliri para paginhawahin ang aking dila dahil lubha akong naghihirap sa lagablab na ito.’

Sumagot si Abraham: ‘Anak, alalahanin mong tinanggap mo sa buhay mo ang mabuti sa iyo at kay Lazaro naman ang masasama. Kaya siya ngayon ang nasa ginhawa at ikaw ang magdurusa. At isa pa”y malawak na kabundukang di matatawid ang itinakda sa pagitan natin. Kaya hindi makatatawid ang mga may gustong pumunta riyan galing dito, at hindi rin naman makatatawid ang mula riyan papunta rito.’

Sumagot ang mayaman: ‘Kaya ipinakikiusap ko sa iyo, Ama, na papuntahin mo si Lazaro sa bahay ng aking ama, kung saan naroon ang lima kong kapatid para babalaan sila upang di sila mapunta sa lugar na ito ng pagdurusa.’ Sumagot si Abraham: ‘Nasa kanila si Moises at ang mga propeta, makinig sila sa mga ito.’ Sinabi niya: ‘Hindi gayon, Amang Abraham; kung isa sa mga patay ang pupunta sa kanila, magsisisi sila.’

Sinabi ni Abraham: ‘Kung hindi nila pakikinggan si Moises at ang mga propeta, bumangon man ang isa sa mga patay ay hindi pa rin sila maniniwala.’”

Pagninilay

Sa kauna-unahang biyahe ko sa labas ng bansa noong 1980, nakarating ako sa Copenhagen, Denmark. Minsan, galing kami sa isang simbahan. Naglalakad kami, masayang-masaya, madaldal at naghahalakhakan! Pagdating sa lugar kung saan kami kakain ng tanghalian, lumapit sa akin ang isang lider ng koro na naging foster choir namin at sinabi: “Ang sasaya ninyo! Galing kayo sa isang mahirap na bansa pero masaya pa rin kayo!” Gusto ko sanang sabihin: “Bakit ba? Dahil ba mahirap kami ay hindi na kami maaring maging masayahin?” Pero ang lumabas sa bibig ko ay: “Hindi

mo ba alam na nang dahil mayaman kayo mahirap kami? May koneksyon ang pagiging mahirap namin sa kayamanan ninyo!" Natahimik ang lider; minasdan ako ng malalim. Pagkaraan ng ilang minuto, tahimik na inamin niya: "Tama ka! Pero mas mayaman kayo. Masaya ang mga puso ninyo."

Setyembre 27
Lunes

Ika-26 na Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: Job 1:6-22
Tinapay ng Buhay: Lc 9:46-50

Nangyari na ikinabahala nila kung sino nga kaya sa kanila ang pinakadakila. Alam ni Jesus ang pinagtatalunan nila sa kanilang isipan kaya kumuha siya ng isang bata at pinatayo sa tabi niya. At sinabi niya sa kanila: "Ang tumatanggap sa batang ito sa ngalan ko ay tumatanggap sa akin, at ang tumatanggap sa akin ay tumatanggap sa nagsugo sa akin. At isa pa: ang matagpuang pinakamaliit sa inyong lahat ang siyang dakila."

At nagsalita si Juan: "Guro, may nakita kaming nagpapalayas ng mga demonyo sa ngalan mo. Pero pinagbawalan namin siya dahil hindi siya sumusunod na kasama namin." Ngunit sinabi ni Jesus sa kanya: "Huwag ninyo siyang pagbawalan dahil panig sa inyo ang hindi laban sa inyo."

Pagninilay

Sino ang pinakadakila? Dalawang digmaan na ang nailunsad ng mga Amerikano pagkatapos ng pagsira ng mga terorista sa Twin Towers ng World Trade Center sa New York. Dalawang bansa—Afghanistan at Iraq—at ang mga taong naninirahan doon ang patuloy na naapektuhan.Kailan lamang ay ilang mga tangke at mga sundalong Amerikano at Ingles ang tinira ng mga Iraqi. Hindi nakakagulat na lumalaban ang mga panatikong Taliban at mga Iraqi sa mga puwersang dayuhan na pumasok sa mga bansa nila. Ngayon, ang pinakadakilang bansa ay ang Estados Unidos ng Amerika. Ito ba ang kadakilaan na pinag-uusapan sa Ebanghelyo natin ngayon? Ganito bang kadakilaan ang inaasahan ng ating mga lider?

Setyembre 28
Martes

Ika-26 na Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Job 3:1-3, 11-17, 20-23
Tinapay ng Buhay: Lc 9:51-56

Nang papalapit na ang panahon ng pag-aakyat sa kanya, tahasang ipinasya ni Jesus na pumunta sa Jerusalem. Nagpadala siya ng mga sugo para mauna sa kanya at pumasok sila sa nayon ng mga Samaritano para ihanda ang kanyang matutuluyan. Pero ayaw nila siyang tanggapin dahil papunta siya sa Jerusalem. Kaya sinabi sa kanya ng kanyang mga alagad na sina Jaime at Juan: “Panginoon, gusto mo bang tumawag kami ng apoy na babagsak mula sa langit para puksain sila?” Lumingon si Jesus at pinagwikaan sila, at sa ibang bayan sila nagpunta.

Pagninilay

Paano tayo nakikibagay sa mga taong iba ang pananampalataya sa atin? Ang kapitbahay namin ay isang Kingdom Hall ng mga Jehovah’s Witnesses. May naglalaba sa bahay namin— tawagin nating Normie. Minsan, may kumatok, “Tao po! Magandang umaga po! Kapitbahay po ninyo!” Lumabas si Normie sa garahe at tinanong ang dalawang ale, “Ano po iyon?” “Gusto po naming ipamahagi ang mga ilang mga babasahin tungkol sa Magandang Balita,” anya naman ng isa. “Ay, naku!” sabi ni Normie: “Mga Katoliko kami, no!” sabay talikod at bumalik sa labahan .Kinuwento ito ni Normie sa akin. Medyo nahiya ako kasi kapag nagkikita kami ng katiwala, maganda ang usapan at batian.

Setyembre 29
Miyerkules

San Michael, San Gabriel at San Rafael
Unang Pagbasa: Dn 7;9-10, 13-14 or Rev 12:7-12
Tinapay ng Buhay: Jn 1:47-51

Nakita ni Jesus si Natanael na palapit sa kanya at sinabi niya tungkol sa kanya: “Hayan, isang totoong Israelitang walang pagkukunwari.” Sinabi sa kanya ni Natanael: “Paano mo ako nakilala?” Sumagot sa kanya si Jesus: “Bago ka pa man tawagin ni Felipe, habang nasa ilalim ka ng punong-igos, nakita na kita.”

Sumagot si Natanael: “Rabbi, ikaw ang Anak ng Diyos, ikaw ang Hari ng Israel.” Sumagot si Jesus: Sinabi ko lang sa iyong nakita kita sa ilalim ng punong-igos, at naniniwala ka na? Higit pa sa mga ito ang makikita mo.”

At idinugtong ni Jesus: “Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, makikita ninyong bukas na ang langit at panhik-panaog sa Anak ng Tao ang mga anghel ng Diyos.”

Pagninilay

Paano mo ako nakilala? Nangyari na ba sa iyo na nararamdaman mo na nasa tamang lugar ka, sa tamang panahon at sa tamang katayuan sa buhay? Sa mga pagkakataong yaon, magaan ang loob at kuntento sa sarili, nagpapasalamat ka sa Diyos. Isang araw, sumama ako sa dalawang *churchworker* at umakyat sa isang bundok para bumisita sa ilang mga maysakit. Nahapo ako kaya sumaglit muna kami sa isang dampa kung saan binigyan ako ng inuming buko. Magtatakipsilim na; hindi kami maaring magtagal. Sa dampa na iyon, sa mga taong panandalian kong nakilala, naramdaman ko na ito nga ang buhay na tinawag ako ng Diyos; na nakilala nga ako ng Diyos na gusto kong sundan.

Setyembre 30
Huwebes

Ika-26 na Linggo ng Taon
Unang Pagbasa: Job 19:21-27
Tinapay ng Buhay: Lc 10:1-12

Humirang ang Panginoon ng iba pang pitumpu’t dalawa at isinugo silang dala-dalawa na mauna sa kanya sa bawat bayan at lugar na takda niyang puntahan. Sinabi niya sa kanila: “Marami nga ang aanihin at kakaunti naman ang mga manggagawa; idalangin ninyo sa panginoon ng ani na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang ani. Lumakad na kayo. Isinusugo ko kayong parang mga tupa sa gitna ng mga asong-gubat. Huwag kayong magdala ng pitaka, bag o mga sandalyas. At huwag ninyong batiin ang sinuman sa daan.

Saanmang bahay kayo pumasok, sabihin muna ninyo: ‘Mapasatahanang ito ang kapayapaan!’ Kung mapayapang tao ang naroon, sasakanya ang inyong kapayapaan. Kung hindi’y magbabalik sa inyo ang inyong dasal. At sa bahay na iyon kayo manatili; kumain kayo at uminom na kasalo nila sapagkat may karapatan ang manggagawa sa kanyang sahod. Huwag kayong magpapapalit-palit ng bahay.

Saanmang bayan kayo pumasok at tanggapin nila kayo, kanin ninyo anumang ihain sa inyo. Pagalingin din ninyo ang mga maysakit doon at sabihin ninyo sa kanila: ‘Palapit na sa inyo ang kaharian ng Diyos.’

Saanmang bayan kayo pumasok at di nila kayo tanggapin, lumabas kayo sa mga liwasan nito at inyong sabihin: ‘Pati na alikabok mula sa inyong bayan na kumapit sa aming mga paa ay ipinapagpag namin sa inyo. Gayunman, alamin ninyong palapit na ang kaharian ng Diyos.’

Sinasabi ko sa inyo na magaan pa ang sasapitin ng mga taga-Sodom kaysa bayang iyon sa dakilang Araw.

Pagninilay

Tuwing nababasa ko ang katagang “… kanin ninyo anumang ihain sa inyo…” naalala ko ang mga panahong madalas akong pumupunta sa iilang lugar ng mga lumad sa Zamboanga del Sur. Minsan sumama ako sa isang madre para bisitahin ang mga lumad, at naabutan kami ng tanghalian doon. Inanyayahan kaming kumain. Ang nakita ko lang ay isang malaking bandehadong kanin at sa tuktok nito ay “ginamos” o bagoong Bisaya, at isang maliit na baso. Kumain na kami, mga kamay ang ginamit sa halip ng tinidor at kutsara, dahong saging ang pinggan at pinaikot ang isang basong tubig. Hangang-hanga ako sa madreng misyonera sapagkat sa pagkaing ito nakita ko ang ibig sabihin ng pakikiisa sa mga taong pinagsisilbihan.

Mga Pagninilay nina: Padre Orlando Cantillon, Padre Genaro O. Diwa, Padre Jonathan Bitoy,CMF, at Bb. Rosario Garcia.
Karapatang maglathala 2003 ng Claretian Publications
Sangay ng Claretian Communications, Inc.
U.P. P.O. Box 4, Diliman, 1101 Quezon City, Philippines
Tel. No. (632) 9213984 Fax No. (632) 9217429
E-mail: cci@claret.org Website: www.bible.claret.org